# 1

“First time mo?”

Maang na tumingin si Vanessa kay Phillip na katabi niya sa cockpit.

*‘Weno kung first time ko sumakay ng eroplano?* pabalang na sagot ni Vanessa, pero sa isip lamang. Imbis, ang iniluwa ng kanyang bibig, “Yes, Sir.”

“Good. I’m glad you’rre not scared. Women can be so fussy,” anang lalaki.

Ngumiti si Vanessa bilang tugon na ang ibig sabihin ay: *You and your machismo crap*.

“At ano‘ng sabi ng boyfriend mo sa pagpunta mo ng Tahiti?”

“W-wala, Sir.” Na ang ibig sabihin, *Kagabi, nilinaw ni Xavier sa akin na break na kami. May nahanap na raw siyang ibang babae. After last night, I can do anything: bungee jumping, skydiving, fire-eating, pero hindi ako iiyak.*

*I’m dead*, sabi ni Vanessa sa sarili nang hindi niya maisuot-suot ang seatbelt. Nahalata iyon ng lalaki. Inabot nito ang seatbelt sa kanyang kandungan at

ini-lock. Tumagos sa kanyang cargo pants ang init ng mga braso nito. Upang hindi mahalata ang kanyang reaksyon, kunwari ay hinahanap niya ang balisong, susi, ballpen, at panyo sa mga bulsa ng kanyang pantalon.

"Salamat, Sir."

Waring hindi ito narinig ng lalaki. Pinaikot ni Vanessa ang kanyang mga mata.

Umalis ang eroplano sa paliparan bandang alas cuatro ng hapon. Manghang-mangha si Vanessa sa pagbabago ng kapaligiran. Kitang-kita niya ang mga bubong ng bahay, ang mga punong-kahoy at mga tao. Ilang saglit pa, para nang mga laruan ang mga sasakyang dumadaan sa isang hibla ng kalsada. Tumaas pa ang eroplano.

"Yawn if you feel tightness in your ear."

"Yes, Sir." At humikab si Vanessa nang pilit.

Narating ng *Cessna* ang taas kung saan ulap lamang ang nakikita. Unti-unting nag-relax si Phillip. Inalis nito ang kamay sa mga control sa harap at nagbukas ng isang bote ng *Gatorade*. Iniabot nito ang isa pang bote sa kanya.

"Relax ka lang. Para kang nasa simbahan," anito.

*Peace be with you, Sir*, tahimik niyang pang-aasar.

Ilang saglit pa, luminaw ang himpapawirin. Wala nang mga ulap. Maliwanag pa rin ang sikat ng araw at kitang-kita ng dalaga ang malawak na dagat sa ibaba. Walang anyong-lupang sumagi man lang sa kanyang paningin.

"Pacific Ocean," ani Phillip.

Isang tango ang ipinakita niya rito bilang tugon.

Huminga nang malalim si Vanessa, sinubukang ipikit ang mga mata at mag-relax. Pinadaanan niya sa isip ang itinerary ng magaganap na paglalakbay nila ni Phillip Pasakis, CEO ng *Galatea-Eurus Corporation*. Mahalaga ang paglalakbay na ito sa negosyo ng lalaki.

Consultant siya ng kompanya. Matapos ang matagumpay na pananaliksik niya tungkol sa South Pacific herbs, mabilis na kinausap ng CEO ang mga karatig-pulo para bumili ng maramihang raw materials. Panibagong linya ng mga food supplements at produktong pampaganda ang magiging resulta nito at inaasahang papatok sa mamimili. Milyun-milyong dolyar ang iaaakyat ng organic cosmetics sa kompanya.

Malaki ang ibinayad sa kanya ng *GEC* at halos maaari na niyang itatag ang kanyang pet project: ang *Save the South Pacific Flora Foundation*. Sa pamamagitan nito, mapapangalagaan ang mga halamang Timog-Pasipiko laban sa mapang-abusong mangangalakal.

Mas natuwa siya nang alukin siya ng nobya ni Phillip na gumanap bilang Personal Assistant ng lalaki, pansamantala, bago ito umalis patungong New York. Ang sahod? Sandaang libo kada buwan. Matapos ang pirmahan ng kontrata, tumuloy siya sa isang de-klaseng spa. Gusto niyang maging relaxed kinabukasan kasi unang araw iyon ng panunungkulan niya bilang PA ni Phillip Pasakis.

---

Napamura si Phillip nang makarinig ng kakaibang tunog mula sa pinapalipad niyang eroplano.

Sa lahat ng mga ilaw na kumukurap-kurap sa control panel, isa lang ang nakita ni Vanessa. Pulang-pula ang ilaw na may nakasulat na ‘eject’.

“Mayday. Papa November Papa to Sigma Tango…” paulit-ulit na panawagan ni Phillip sa radio. Kalmado ang tinig nito, subalit pinagpapawisan ang lalaki.

Naging abala ang mga kamay nito sa lahat ng switches, manibela at kambyo ng eroplano. Inihagis nito ang isang bag kay Vanessa at sumenyas na isuot ito ng dalaga. ‘Lifesaver’ ang nakatatak drito. Nanlaki ang mga mata ni Vanessa nang bumulusok sa karagatan ang ilong ng eroplano. Walang tinig na lumabas sa kanyang bibig nang siya ay sumigaw. Kitang-kita niya ang paglubog sa tubig at pag-angat muli ng eroplano sa ere. Kung wala siyang seatbelt, tiyak na nauntog na siya sa bintanang salamin.

Kitang-kita rin niyang di-malaman ni Phillip kung saan ilalagay ang mga kamay. Sa ckontrol ba o sa pagsuot ng vest na katulad sa pinasuot nito kay Vanessa. Nang nasa ere nang muli ang eroplano, huminga nang malalim ang lalaki. Panandalian lamang iyon dahil muli na namang umilaw ang button na may nakatatak na ‘eject’.

“Do you know how to swim?” mabilis na tanong ni Phillip.

Tumango si Vanessa. Umiba muli ang tunog ng eroplano. Mayamaya ay tumahimik ang makina nito. Walang dalawang-isip na pinindot ng lalaki ang ‘eject’ button. Ang sumunod na naramdaman ni Vanessa ay inihahagis na sila sa labas ng eroplano. Ang lalaki ay mahigpit na nakahawak sa kanya. Ilang

metro lamang sa kanilang harapan, sumabog ang sasakyan. Napadali nito ang kanilang pagbagsak sa karagatan, kahit na naibukas ng lalaki ang parachute sa likuran ni Vanessa.

Lumubog-lumitaw sa maalat at maligamgam na tubig si Vanessa. Humapdi ang kanyang ilong. Nakita niya ang ulo ni Phillip sa di-kalayuan. Pilit itong itinatago ng malalaking alon. Alam niyang hindi ito nakapagsuot ng lifesaver. Lumangoy siya sa kinaroroonan nito habang kumakawala sa nakakasagabal niyang sapatos at medyas.

"Vanessa," sabi ng lalaki at lumubog ito sa tubig.

Hinila niya ito pabalik at inilagay sa likod nito ang kulay matingkad na kahel na lifesaver. Pinakiramdaman ni Vanessa ang tubig. Maligamgam iyon at kulay luntian. Ilang ulit na niyang narinig sa kanyang ama kapag siya ay sumasama palaot na kapag ganoon ang tubig ay malapit sila sa lupa. Hindi malalim ang tubig na ito. Ngumiti siya nang bahagya at nagpasalamat sa Diyos.

Lila ang langit, papalubog na ang araw nang masilayan niya ang luntiang tuktok ng isang bundok. Isla marahil. Kinusot niya ng kulubot na mga kamay ang mga mata upang siguruhing hindi lamang iyon isang pangitain.

“Konting tiis pa,” sabi niya sa lalaki na wala pa ring imik. Waring hinang-hina ito at ipinauubaya na lang sa lifesaver ang paglutang sa tubig.

---

Maraming ingay na narinig si Vanessa. Hampas ng alon sa dalampasigan, huni ng mga ibon. Muli ay naging munti siyang paslit na nakikipaghabulan sa mga kalaro sa baybayin. Tinaguan niya ang mga ito sa lilim ng puno ng niyog. Sumigaw ang mga ito at hinanap siya. Nagtaka siya sa unti-unting pagbabago ng tinig ng kanyang mga kalaro. Mula sa matitinis na tinig-musmos, naging tinig ito ng isang lalaki.

“Damn it!”

Paulit-ulit iyong narinig ni Vanessa.

Nang bumukas ang kanyang mga mata, nasilaw siya ng matinding init ng araw. Nabubudburan ng buhangin ang kanyang pisngi. Napaupo siya nang maalala ang naganap nang nakaraang araw. Hayun si Phillip Pasakis, ang multi-millionaire, nagsisisigaw sa may dalampasigan. Wala itong damit pantaas. Nakatiklop ang pantalon nito hanggang tuhod at nangingintab sa pawis ang katawan.

Dumaing si Vanessa habang tumatayo. Masakit ang buo niyang katawan. Binasa niya ng kanyang

dila ang nanunuyong mga labi. Nakaramdam siya ng matinding uhaw. Dahan-dahan siyang humakbang patungo sa kaniyugan. Tumindi ang kanyang uhaw nang makita ang mga luntiang buko ng niyog subalit wala siyang lakas upang akyatin ang nagtataasang mga puno.

Nagpakalayu-layo pa siya. Pinalaya niya ang katawan sa mga damit na mamasa-masa ng tubig-alat. Napangiti siya nang maalala ang kanyang kamusmusan. Ang kanyang mga kalaro. Ang munting mga kamay na nagbubukas ng napitas na buko ng niyog. Muli ay umusal siya ng isang panalanging pasasalamat sa pagdadala sa kanila sa islang ito.

"This is healing, actually. Free therapy and vacation," sabi niya. Ngumiti siya nang isang banayad na hangin ang dumaan sa kanyang noo. "Therapy for a broken heart," natatawa niyang dugtong.

The more she studied medical anthropology, the more she enjoyed its priveleges: scholarship, travel, and adventures. Medyo nababahala lang siya at hindi niya maunawaan kung bakit hindi siya gaanong nasaktan sa break-up nila ni Xavier. O baka naman darating pa lamang iyon. Kumbaga, delayed reaction.

Dagli siyang nagtago sa likod ng isang malapad

na puno ng durian nang marinig niya ang sigaw ni Phillip. Paos na ito ay patuloy pa ring sumisigaw. Kung asal-toro ito at nag-aalboroto, ayaw niyang masigawan na naman.

Naglakad siya nang naglakad hanggang wala nang buhangin sa kanyang mga paa at ang kanyang hinahakbangan ay malambot na alpombra ng lumot. Naglakad siya hanggang sa hindi na niya naririnig ang tinig ng lalaki na sa tuwina ay gumugulat sa kanya.

Isang malamyos na tinig ang kanyang pinakawalan nang hawiin niya ang mga namumulaklak na bandera Española at gumamela. Tumambad sa kanyang paningin ang isang malinaw at munting lawa-lawaan. Ang tubig nito ay umaagos mula sa batuhan. Sinalo ng kanyang mga kamay ang umaagos na sariwang mala-kristal na likido. Uminom siya nang uminom hanggang sa pakiramdam niya ay wala nang laman ang kanyang tiyan kundi ang malinaw at manamis-namis na tubig.

Ipinatong ni Vanessa ang mga saplot niya sa mumunting halaman sa tabi ng lawa-lawaan upang matuyo ang mga ito saka siya dahan-dahang lumusong. Hinugasan ng tubig ang alat sa kanyang katawan. Pinawi nito ang kanyang pagod. Nang

magsawa ay nahiga siya sa mga batuhan sa lilim at nagpahinga.

Mayamaya ay ginising siya mula sa pagkakaidlip ng malakas na huni ng kanyang tiyan. Tinungo niya ang natuyong mga damit at isinuot ang mga iyon, maliban sa jacket. Tinupi niya ang laylayan ng cargo pants hanggang sa may tuhod. Napatalon siya nang maalala si Phillip. Ano kaya ang nangyari roon?

Nakita niya ang lalaki sa buhanginan, sa may lilim ng niyog at may munting kaba na lumundag sa kanyang dibdib. Nakahiga ito, nakaunan sa sariling mga bisig at waring nag-iisip. Napangiti si Vanessa nang makita ang nagkalat na maliliit na niyog sa tabi nito. Halatang ang mga iyon ay walang habas na binutas o binasag ng lalaki upang inumin ang sabaw sa loob.

*Just let me show you how we live in my island.*

Bigla ay may lungkot na gumuhit sa kanyang mukha nang maalala ang dating kasintahan.

*If only Xavier had known where I came from. But he did not really care. Ni hindi man lang niya natanong kung saang probinsya ako nanggaling. I could have proudly told him I grew up on an island.*

Iwinaksi na lang ni Vanessa ang masamang

alaala ukol sa ex-boyfriend. Inabala niya ang sarili sa pagkalap ng palapa ng niyog at mga sanga ng kahoy. Sinugatan niya ang puno ng pili at hinayaang umagos ang dagta nito na parang gaas kung magpalaki ng apoy. Kailangan niyang magsindi kahit papaano bago sumapit ang dilim.

Pumitas siya ng naglalakihang bunga ng durian na sumasayad na sa lupa. Madali niyang biniyak ang isang hinog na bunga at gutom na nilantakan iyon. Kailangan niya ang lakas. Mahirap na gawain ang magpasimula ng apoy mula sa mga sanga-sanga lamang.

---

"Damn!"

Paos ang tinig na lumalabas sa lalamunan ni Phillip at ang kanyang ulo ay tumitibok sa sakit. Sa tatlumpu't tatlong taon niyang paninirahan sa mundong ito, ni minsan ay hindi pa siya pinabayaan ng tadhana. Isa siya sa masasabing ipinanganak na may kutsarang pilak sa bibig. Ginto pa nga. Milyonaryo ang kanyang pamilya subalit tinapatan niya ang yamang iyon sa loob lamang ng limang taon mula sa kanyang sariling pagpupunyagi.

Lahat ng biyaya ay natanggap niya: makisig na

pangangatawan, mapagmahal na mga magulang, saganang kabuhayan, talas ng pag-iisip. Lahat ay nasa kanya na hanggang sa sumakay siya sa sariling eroplano nang nagdaang araw kasama ang consultant na pinakiusapan ni Celestine na maging personal assistant na rin niya.

Ilang ulit na niyang binanggit kay Celestine na hindi niya kailangan ang Personal Assistant. Subalit bago umalis patungong New York, pinagpilitan nitong kumuha siya ng PA. He accepted it amicably because it was a peace offering. Ito pa ang nag-interview ng mga applicants. Ito rin ang pumili kay Vanessa. And now, he was stuck with this woman.

Ewan at hindi niya man lang tiningnan nang makalawang ulit ang makina ng sasakyan. Ewan at wala siyang naramdamang mali sa ere. Hindi niya alam kung saan napunta ang galing niyang magdesisyon kahapon. Hindi niya alam kung bakit walang kakaiba siyang maramdaman.

Dati-rati, kapag hindi naaayon sa panahon ang kanyang aksyon ay may nararamdaman siyang pagsikip sa kanyang tiyan. Ora mismo ay binabago niya ang desisyon, kahit na umalma ang kanyang mga empleyado. At ni minsan nga ay hindi siya nagkamali kaya ganoon na lang ang respeto sa kanya

ng kanyang mga tauhan bilang CEO. Mahalaga sa kanya ang gut feel. Dito lumago ang kanyang negosyo. Subalit kahapon ay wala iyon.

"Someone's got something to do with this plane crash," pagalit niyang bulong at sinipa ang buhangin sa paanan habang naglalakad. "You'll pay for this. Kung sino ka man!"

Madilim na nang mapag-isipan ni Phillip ang pinakasolusyon sa kanyang suliranin. Kakausapin niya ang mga naninirahan dito, papatulong siyang sumakay ng bangka at magpapahatid sa main land. Babayaran na lamang niya ang maghahatid sa kanya. Muli ay napuno siya ng pag-asa.

Mayroon nga yatang nakatira sa lugar na ito. May nabanaagan siyang liwanag sa di-kalayuan. Gusto niya kaagad itong makausap, bayaran hanggang maaari, makabalik lamang siya sa kabihasnan. Lumapit siya sa lumiliyab na siga. Napanganga siya at kumalam ang kanyang sikmura sa kanyang nakita: bagong pitas na buko, mga bungang-kahoy at mapupulang inihaw na sugpo. Merienda kahapon ang huli niyang kinain at maliban sa kakaunting katas ng buko ay walang laman ang kanyang tiyan.

"Sir, would you like something to eat?" nakangiting alok ni Vanessa.

Hindi niya pinansin ang babae. Sa halip ay iginala niya ang paningin upang hanapin ang mga taga-isla na naghanda ng siga at pagkain. Ilang sandaling katahimikan ang pumagitna. Walang ibang tao sa lugar na ito maliban sa kanya at kay Vanessa. At ang babae ang naghanda ng lahat ng ito.

"Get out of my sight, you unlucky hex!"

Nabitiwan ng dalaga ang dala-dala nitong pagkaing nakalagay sa dahon ng saging. Dali-dali itong tumakbo hanggang nilamon ng dilim.

# 2

Niyakap ni Vanessa ang sarili upang pigilin ang pagkayanig.

Unlucky hex. Makailang ulit na niyang narinig mula kay Phillip iyon. Sa opisina, kapag may nawawala itong papeles, siya ang napagbubuntunan ng galit. He terrorized her to the core of her being. Kung di lamang sa napakataas na sahod, kung di lamang sa salitang binitiwan niya sa nobya nito, nag-resign na siya pagkatapos ng unang araw niyang impyerno. Naalala niya ang huling bilin ni Celestine na ngayon ay pinagsisisihan niya:

*"Now that you're hired, ang talagang gagawin mo ay sisiguruhin na palaging nasa kondisyon magtrabaho iyang si Phillip. Alam mo bang kapag may proyekto 'yan, nakakalimutan nang kumain at matulog?"*

*Tiningnan ni Vanessa ang babaeng nagmamaneho. "So, I have to remind him?"*

*"Mismo. At kung alas nueve na ng gabi, pauwiin mo na siya."*

*"Eh, di nagalit 'yun."*

*"Yeah. Of course magagalit. Malakas pa mandin sumigaw. But you can do it, Vanessa. I did it for three months. You know, the PA thing," ani Celestine.*

*Tumangu-tango si Vanessa. Kaya siya kinuha ng babaeng ito, dahil hindi na matiis ang nobyong tila nagme-menopause araw-araw.*

*"Hindi puwedeng magpuyat iyan. Mabilis bumaba ang resistensya ng katawan. Minsan, natulog siya nang pasado alas tres ng madaling araw. Alam mo ba kung ano ang nangyari?"*

*Hinintay niya ang sariling sagot ng kausap.*

*"Dalawang linggong nagkatrangkaso. Di na pinapasok ng doktor."*

*"So by extending 'till three a.m., he lost two weeks of work."*

*"Mismo. I like the way you think. Alam ko nang ikaw ang karapat-dapat sa posisyong ito. Promise me, Vanessa, that no harm will happen to Phillip."*

Nangako si Vanessa. Marahil, dahil nakita niyang nangingilid na luha ni Celestine. Mahal na mahal nito ang nobyo. Hanga siya rito. Gusto niya ang ugali nito kahit nagmula ito sa isang de buena familia. At maganda rin ito at elegante kung manamit.

For Celestine, she would keep her promise. Isa pa, hindi biro ang sahod na sandaang libong piso kada buwan, kahit na Personal Assistant lang. Sinong kapwa Medical Anthropologist niya ang sumasahod nang ganoon? Makakapag-ipon na siya ng pondo para sa environmental organization na nais niyang itayo. Magkakaroon na ng kinabukasan ang mga puno't halamang gamot ng Timog Pasipiko.

Nahiga si Vanessa sa malambot na alpombrang lumot at huminga ng malalalim. Kinalma niya ang sarili. Doon na lang siya magpapalipas ng gabi.

Paulit-ulit niyang inilabas lahat ng hangin mula sa kanyang katawan bago ulit humitit ulit ng panibago. Ginawa niya ito hanggang siya ay ipaghele ng maiingay na kulisap at ng marahang buntong-hininga ng dalampasigan...

---

Nagising si Vanessa na nanginginig sa lamig ng madaling araw. Nanatili siyang nakahiga hanggang sumagi sa kanyang balintataw kung nasaan siya. Inunat niya ang kanyang mga bisig, naupo siya sa mainit-init na kinahihigaan. Unti-unting niyang naaninag ang mga balangkas ng puno at halaman sa paligid, dumako ang kanyang paningin sa isang punong ginigising ng mga huni ng mumunting pipit.

Ikalawang araw nila sa pulo na ito. Mamaya ay uukitin niya ang mga araw sa puno ng kawayan. Hahabaan niya nang kaunti ang guhit ng kahapon, palatandaan ng bagong buwan, katulad ng ginagawa ng kanyang Ayi, ang kanyang ina.

Sa araw na ito, gagawa siya ng makapal na salakot sa ulo. Pagkatapos noon, mamimitas siya ng hinog na durian at saging. Kakainin niya ito sa almusal subalit itatabi niya ang kalahati at babaunin. Binabalak niyang maglakad hanggang marating niya ang tuktok ng bundok na natanaw niya kahapon.

Mula roon, makikita ni Vanessa ang kabuuan ng kanilang kinaroroonan. Sana ay may paraan upang makabalik kaagad sila sa Maynila. Alam niyang panahon ang kalaban ng negosyo ni Phillip. Hindi man niya ito kakausapin, may tungkulin pa rin siyang paglingkuran ito bilang Personal Assistant. Saka na lamang niya ito lalapitan kapag lumamig na ang ulo ng lalaki. Hinubad niya ang mga saplot saka tuluyan nang pinukaw ang inaantok na katawan at isipan nang lumusong siya sa munting lawa.

---

Pulo. Isang pulo sa gitna ng karagatang Pasipiko ang kinalalagyan nila. Mula sa tuktok ng bundok, napaghinuha ni Vanessa na walang nakatira rito,

bagaman sagana sa mga hayop at halaman. Nang siya ay bumaba, napakunot ang kanyang noo nang makita ang mga munting kambing at dalawang nanay nila. Hinanap niya ang taong saka-sakali ay nagpapastol sa mga ito. Wala siyang nakita.

Nakadiskubre rin siya ng isang pamilya ng labuyo. Dahil native na manok, tiyak masarap ang karne noon. Pumutak ang inahin nang maramdaman ang kanyang paglapit. Sumilong sa ilalim ng pakpak nito ang mumunting mga sisiw. Aliw na aliw niya itong pinagmasdan. Ang mga punong-kahoy na kanyang dinaanan ay hitik sa bunga. Namitas siya ng santol, durian at saging. Nakahukay rin siya ng malalaking kamote. At maliban sa makakating dahon at malalaking langgam, wala siyang ikinabahala. Ni wala siyang galos sa binti nang siya ay bumaba mula sa bundok. Isang paraiso ang pulong ito.

Bumuntong-hininga si Vanessa habang iginagala ang paningin. Totoong sayang kung mawawala ang ganitong mga lugar. Tama ang kanyang desisyon na magtayo ng organisasyong mangangalaga sa ganitong uri ng isla sa Timog Pasipiko. Muli ay lumakas ang kanyang loob. She had a mission to live for. Muli ay binilang niya ang maiipong salapi mula sa pagiging Personal Assistant ni Phillip. Walang sinuno man ang makapagpapaatras sa kanya. Kahit

si Phillip pa. Kahit naalala niya ang minsang sinabi nito kay Celestine:

*"This is about this, this Miss Sibal. I don't know where your common sense went this time, Celestine. I told you I don't need a Personal Assistant. Much less this one. Look at the way she dresses!"*

*Narinig iyon ni Vanessa na patutsada sa kanya ng boss na si Phillip. Kausap nito ang nobya sa telepono. Tiningnan niya ang kanyang kuwintas na yari sa kawayan at kabibe na may totoong perlas. Ano'ng problema nito?*

*Huminga siya nang malalim. Hinihintay niya na sabihin nitong, 'She's overweight and she moves in a clumsy way'.*

*"All right, do something that will make her stay," pinal na sabi ni Phillip.*

Naiiling na lang si Vanessa nang maalala iyon. She hated his mouth, guts, and all. Ganoon na lamang ito makipag-usap sa nobya. Kung siya si Miss Celestine, makikipaghiwalay na kaagad siya rito.

Tumigil siya sa may lawa-lawaan upang magpahinga. Hinubad niya ang sapatos na bahagyang napunit sa batuhan nang siya ay paakyat sa tuktok ng bundok. Hindi niya kailangan ang sapin sa paa

kung sa damuhan o kaya ay sa buhanginan siya daraan. Sabi ng Ayi ng kanyang Ayi, o  ang kanyang lola, malusog draw ang bituka ng taong marunong maglakad nang nakayapak sa batuhan.

Huminga siya nang malalim bago naglakad patungo sa dalampasigan. Handa siyang harapin ang tanging taong kasama niya sa pulong ito, si Phillip.

Bumungad sa kanya ang higanteng 'S.O.S.' at 'HELP' na nakaukit sa buhanginan. Abala ang lalaki sa paghahanap ng mga nahulog na niyog, mga sanga at mga bato upang ihugis sa mga titik na iyon. Tinungo ni Vanessa ang kinalalagyan ng siga kahapon. Malinis ang kapaligiran noon. Wala siyang nakitang bakas ng mga sugpo at durian. Marahil ay kinain nito kagabi.

May kakaunting baga ang siga. Marahil ay pinanatili ito ng lalaki dahil wala na ang tambak ng mga tuyong sanga na kanyang inipon. Dali-dali siyang namulot ng mga panggatong para sa gabing iyon. Ginawa niyang lalagyan ng sariwang tubig ang mga buko na wala nang laman. Inipon niya ito sa isang tabi. Nang magkaroon ng baga ang siga, inihaw niya ang kamote at durian.

"Where have you been?" angil ni Phillip nang matanaw ang babae. Lumapit ito sa kinaroroonan

niya.

Napaso si Vanessa ng mainit na kamote na inihahango niya sa baga. Nabitiwan niya iyon. Alam niyang tinitingnan siya nito, naghihintay ng sagot.

"Have you been sleeping the day away?" sarkastiko nitong dagdag.

Gusto niyang ibato sa lalaki ang mainit na kamote. Gusto niyang isigaw rito na siya man ay naghahanap ng paraan upang makaalis sa pulong iyon. Gusto niyang singhalan ito at sabihing naghanap siya ng makakain nito.

"If you would like to eat, Sir," sabi na lang niya sa banayad na tinig. Tinuro niya ang nakahaing durian at kamote sa dahon ng saging at sariwang tubig saka ito tinalikuran. Nagkunwari siyang abala sa paghahango ng pagkaing iniihaw.

Hinipo ni Vanessa ang likod ng kanyang leeg. Ganito siya kapag may nararamdamang nakatitig sa kanya. Awtomatiko siyang lumingon. Namula siya nang masalubong ang mga mata ni Phillip. Una itong bumawi ng tingin.

"Tapos na ang trabahong PA mo mula kahapon. For reasons known only to me, you're fired. Huwag mo na akong pagsilbihan," anito.

Isang tango ang itinugon ni Vanessa. May bikig na humarang sa kanyang lalamunan. Sa buong buhay niya, ngayon pa lamang siya kinagalitan dahil langsiya ay tumulong siya.

"From now on, accept the fact that I don't want any assistance, especially coming from you. Of course, you'll get paid for all your troubles. But please, Vanessa, get out of my way," pinal, matigas at kalmado nitong sabi bago naglaho sa dilim.

Matapos umusal ng dasal na bantayan siya sa gabing iyon, nahiga si Vanessa sa buhanginan malapit sa siga at itinakip sa mukha ang malapad na salakot.

---

Nagising si Vanessa dahil tumama sa talukap ng kanyang mga mata ang sikat ng araw. Bahagya na itong mataas at nalusaw na ang hamog. Napahimbing ang kanyang tulog nang nagdaang gabi dahil sa pagod nang umakyat siya ng bundok.

Matapos dagdagan ng sanga ang humihina nang siga, bumangon siya at naglakad-lakad. Gusto niyang hanapin ang kinaroroonan ni Phillip, ngunit pinigil niya ang sarili. Naglakad siya patungo sa dagat. Kinain ng alon ang kalahati ng 'S.O.S.' at 'HELP' na

sinulat ng binata sa buhangin nang nakaraang gabi.

Lumingon-lingon siya. Nang walang makitang anino ni Phillip, sinimulan niya iyong ayusin. Habang tumataas ang araw ay tumatagaktak naman ang pawis niya. Huwag sanang masamain ng lalaki ang kanyang pagtulong.

“Makulit ka rin, Vanessa.”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses. Nasa likuran lamang niya si Phillip at hindi niya gusto ang pagkakalapit nito sa kanya.

“Sabi ko sa ’yo, hayaan mo ako sa aking ginagawa.”

Lumayo si Vanessa rito, subalit patuloy na inayos ang mga titik sa kanyang daraanan.

“At huwag mo akong tatalikuran kapag kinakausap kita,” sabi ni Phillip habang ipinihit ang kanyang mga balikat paharap dito.

Tiningnan siya nito na parang hinahalughog ang kailaliman ng kanyang kaluluwa. Pilit siyang kumawala subalit parang pugitang mas hinigpitan pa nito ang pagkakahawak sa kanya hanggang sa dumikit ang mga labi nito sa labi niya.

Sa pagkabigla, nanlaban si Vanessa. Mas lalo

namang napalapit ang dibdib niya sa dibdib nito. Nang iiwas niya ang kanyang bibig, lalo lamang nitong hinigpitan ang pagkakahawak sa kanyang alun-along buhok hanggang sa tuluyan nang maangkin nang matagal ang kanyang mga labi. Sumuko siya at nadama ang kakaibang sensasyong dulot ng maiinit na halik nito. Bago iyon sa kanya.

Habol niya ang kanyang hininga nang lubayan siya ni Phillip. Tinitigan siya nito. Takot na maulit pang muli ang nangyari, tumakbo siya patungo sa loob ng kagubatan. Narating niya ang lawa-lawaan sa pamamagitan ng iilang hakbang lamang. Nag-iinit ang buo niyang katawan kaya dagli siyang lumusong sa malamig na tubig.

Makailang ulit siyang naghilamos ng mukha. Hinubad niya ang mga damit at inihagis ang mga iyon sa batuhan. Ibinabad niya ang buong katawan hanggang sa magkaroon ng kulubot ang kanyang mga palad at suwelas. Nang sa tingin niya ay nahugas na ang lahat ng bakas ni Phillip sa katawan niya, umahon siya. Pinilit niyang kinalimutan ang naganap sa pagitan nila ng lalaki. Naglakad-lakad siya at pinag-aralan ang mga halamanan sa parte ng islang iyon.

# 3

"*Genus Cymbopogon*. Ito ang gagamitin sa deodorant at bath soap." Inamoy ni Vanessa ang kinuyumos na dahon ng halaman. Mabango ito, parang dayap.

"*Wild Allium*. Ginagamit ng mga South Pacific Islanders laban sa ubo."

Ngumiti siya nang makita ang pamilyar na halaman. "So, tumutubo ka rin pala dito. *Sempervivum*, the ultimate cosmetic plant. Pampakinis ng mukha."

Inubos ni Vanessa ang maghapon sa ganoong gawain. Narating niya ang isang munting lambak at siya ay namangha sa nakita.

"Orchids!"

Nagsilbing pader ng hardin ang gilid ng bundok. Bahagya itong nakapaikot sa lugar kaya halos tagung-tago ang lambak. Sa 'pader' na iyon, sari-saring mga dapo ang namumulaklak doon. Matitingkad ang mga kulay nito. Ang lambak naman ay nagmistulang hardin. Nagkalat ang mga gumamela, marigolds at bandera Española sa isang tabi. Sa di-kalayuan ay nakita niyang muli ang mag-iinang kambing. Bumilis ang pagtibok ng kanyang puso.

“Tao po! Tao po!” sigaw niya.

Napangisi si Vanessa nang walang sumagot sa kanyang tawag maliban sa ingay ng kambing. Labas-masok ang mga ito sa hardin. Ngumiti siya nang masilayan ang inaakyat ng mga ito: isang yungib. At may isa pa. Isang dipa ang layo ng bukana nito sa lupa. Kayang-kaya niyang akyatin. Biglang may pumasok na ideya sa isip niya....

---

Humikab si Vanessa. Mas malamig ang umagang iyon kaysa sa mga nauna. Nilagyan niya ng gatong ang sigang malapit nang maupos, saka nag-inat.

“Aray!” Nauntog siya sa mababang bubong ng yungib. Kinapa niya ang batong bubong at naramdamang mamasa-masa iyon. Sinilip niya ang labas ng yungib. Umuulan nang malakas. Ni anino ng mga puno ay hindi niya maaninag sa kapal ng buhos ng ulan. Naupo siya sa kamang hinabi niya mula sa pinatuyong tangkay ng water hyacinth at abaca, at nagsimulang magbalat ng saging. Hindi siya makakapaggatas ng kambing kaya uminom na lang siya ng tubig mula sa pinakinis niyang malaking bao ng niyog.

Habang naghihintay na tumila ang unos,

maghapon niyang ginawa ang kumot na yari sa isang uri ng tubig-halaman. Marami niyang ulit na nakitang bumuo ng malalaki at malalambot na kumot ang kanyang ina at lola, at alam niya kung paano iyon gawin. Nang siya ay nasa kolehiyo, nagtaka siya nang malamang hindi ito orihinal sa kanilang tribo. Ang mga Egyptians ay ginagawang papel ang mga halamang iyon.

Nang tumagal, naisip niyang bagyo ang nagdulot ng malakas na ulan. Kapag dumurungaw siya sa labas, naririnig niya ang nangangalit na alon sa di-kalayuan. Tiyak na binura na nitong tuluyan ang ‘S.O.S.’ at ‘HELP’ na pinagpagurang buuin ni Phillip.

Nasaan na nga pala iyon?

Dinagdagan niya muli ang gatong bago bumaba sa yungib. Hindi niya alam kung saan hahanapin ang lalaki sa gitna ng rumaragasang bagyo.

“Sir Phillip!” sigaw niya sa may dalampasigan, kung saan umaabot na sa niyugan ang tubig-dagat. Kapag kumikidlat, tinatakpan kaagad niya ang kanyang tainga sabay tumba sa buhanginan. Mahapdi sa balat ang hampas ng ulan at hangin. Kinusot niya ang kanyang mga mata nang may makitang kakaibang anino sa ilalim ng malaking puno ng durian. Si Phillip.

Nakabaluktot ang lalaki at halata ang panginginig nito. Dahan-dahan niyang nilapitan at nang wala itong naging reaksyon, marahan niyang hinimas ito sa pisngi. Bumukas ang mga mata nito at may mga katagang namutawi sa bibig na hindi niya narinig dahil isang malakas na kulog ang dumaan. Napahiyaw siya at nagsusumiksik sa katawan ng lalaki dahil sa lakas ng kulog.

"Sir Phillip, look at me," panghihikayat niya. Nang ilapat ni Vanessa ang kanyang kamay sa leeg nito upang madama ang pulso, nabigla siya sa init nito. Inaapoy si Phillip ng lagnat.

"S-Sir, you have to come with me." Pagkasabi noon, pinangko niya ang isang bisig nito. Tumalima naman ang lalaki at kahit na hinang-hina ay sinabayan ang mga hakbang ni Vanessa.

---

Narinig ni Phillip ang mahinang huni ng mga ibon isang umaga. Nasaan ba siya? Binuksan niya ang mga mata subalit muli itong ipinikit dahil hindi niya kilala ang lugar. Ang huli niyang natatandaan, inaapoy siya ng lagnat, at nakahiga siya sa buhanginan at umuulan nang malakas.

Ngunit kaginhawaan ang kanyang

nararamdaman ngayon. Tila magaan at bago ang kanyang katawan. Kaya lang ay hindi niya maiangat ang kanyang mga bisig at paa. Binaba niya ang tingin sa may dibdib upang makita kung ano ang malambot na lumilingkis sa kanyang katawan. May ngiting namutawi sa kanyang labi nang makilala kung sino iyon.

Mula sa malalim na pagkakaidlip, gumising si Vanessa nang kumilos ang katawang dinadaganan niya. Pupungas-pungas siyang bumangon at hinawi ang mahabang buhok upang tingnan ang mukha ng maysakit. Bumungad sa kanya ang mukha ni Phillip at ang mga mata nitong gising na gising at nakangiti.

Dagling bumangon ang dalaga at sinubukang itakip ang mahabang buhok sa harapan ng manipis na damit.

"I… I'm sorry, Sir. It's the only way to keep you from chilling last night." Bumangon ang dalaga at namula nang mapansin ang paglalakbay ng mga mata ni Phillip sa kanyang kabuuan. Tumalikod siya rito at naging abala sa paglalagay ng gatong sa sigang nagsisilbing liwanag at init sa loob ng maliit na yungib na iyon.

Nang muling lumagablab ang apoy, naging abala naman siya sa pag-iihaw ng kamote at natitirang

sugpo na nahuli niya kahapon.

"How long did I stay here?" sa wakas ay tanong ni Phillip.

Parang napaso ang kanyang katawan sa tinig na nagmula rito. "S-seven days." Iniwasan niyang tumingin dito.

"Seven days!" Napabalikwas ang lalaki. "May lagnat ako sa loob ng pitong araw? Sino'ng gumamot sa akin?" tanong nito, sabay alis sa mga dahong nakatapal sa noo at paa.

"Wala, Sir. Walang gumamot sa inyo."

"Eh, sino'ng nagdala rito sa akin?" di-makapaniwalang untag nito saka iginala ang paningin sa kabuuan ng yungib.

Kunwari ay hindi iyon narinig ni Vanessa. Kumubli siya sa mga anino sa yungib. Pinagpapawisan siya at nagtatalo ang kanyang kalooban habang patuloy niyang binali-baliktad ang mga iniihaw na pagkain. Hindi niya alam kung sasabihin sa boss na siya ang gumamot dito.

"I-I'm glad you are well, Sir," nakayukong sabi niya saka dali-dali siyang lumabas sa yungib at binati ang sariwang hangin sa bukana nito. Tumakbo siya

palabas sa mala-hardin na lambak at tinungo ang kanyang santuwaryo. Hinubad niya ang malambot at manipis na damit na gawa niya mula sa halamang-tubig saka lumusong sa lawa-lawaan.

Maliban kung siya ay nanghuhuli ng lamang-dagat o nangunguha ng prutas o sumasalok ng tubig ay hindi niya magawang iwanan nang matagal ang lalaking maysakit. Matapos ang pitong araw, ngayon lang siya muling maliligo nang nakababad at matagal.

Isinuko niya ang katawan sa malamig na agos ng bukal. Sa kanyang isipan, pinapawi ng tubig ang init sa loob niya. Unti-unti nitong hinuhugasan ang kanyang katawan at damdamin, at ang panunudyo ng sarili niyang isip. Kaya naman niya ginawang matulog sa ibabaw nito gabi-gabi ay upang mabigyan ng init ang katawan ng lalaki.

*It was for medical purposes*, pangangatwiran niya sa sarili.

Kung bakit sa huling araw pa ng pagpapagaling ay natuklasan ito ni Phillip. Kung bakit kasi napahimbing ang kanyang pagkakaidlip sa ibabaw nito.

Sumisid siya sa pinakailalim na bahagi ng

munting lawa.

Nakita niyang naglalakad-lakad si Phillip sa may dalampasigan. Tiningnan niya ito habang siya ay nakakubli sa mga puno ng kawayan. Wala itong suot maliban sa pantalong pinutol hanggang tuhod. Malaki ang ipinayat nito at itinatago na ng tumutubong balbas ang guwapong mukha. Humarap ito sa karagatan kaya dagli siyang bumalik sa yungib.

*Wala ka nga palang alam sa ganitong klase ng buhay. Lumaki kang may kutsarang ginto sa bibig.*

Simple man ang kinalakhang buhay ni Vanessa sa isla nila, ipinagmamalaki niya ngayon ang kanyang mga karanasan.

*From now on, I'll remain invisible to you, Pasakis.*

Magaan ang mga hakbang, nagpasya siyang palipasin ang maghapon sa lilim ng mga puno malapit sa kuwebang tinutuluyan.

Abala siyang nag-aayos ng yungib nang biglang…

"Vanessa, come here," sabi ni Phillip habang nakatayo sa may bukana. Dumilim ang maliit na lugar dahil sa anino nito. Sumunod naman kaagad si Vanessa at tumayo siya upang harapin ito.

“Yes?” taas-noong sabi niya habang nakahalukipkip ang mga braso.

Hinawakan ng lalaki ang kanyang baba, hindi pinansin ang pagtataray niya. “Salamat sa pag-aasikaso mo sa akin.”

“W-wala iyon.”

Hindi nito inalis ang kamay sa ilalim ng kanyang baba. Bagkus ay pinaglakbay pa ang hintuturo sa makinis niyang kutis. Pigil ni Vanessa ang kanyang paghinga lalo at may apoy na rumaragasa sa loob ng kanyang katawan.

“Utang ko sa ’yo ang buhay ko,” marahang sabi ng lalaki.

“You owe me nothing.”

“But you saved my life.”

“H-hindi totoo ’yan, Sir.”

“Ano ang totoo, Vanessa?”

Hindi umimik ang dalaga. Bigla ay parang tahimik na lawang nabulabog ang kanyang isipan. May dumating na kakaibang sensasyon sa kanyang katawan. At ang bagong sensasyong iyon ay napakaganda, kung kanyang aaminin. Hindi niya

alam kung ano ang tawag doon, wala iyon sa pinag-aralan niya sa Anthropology. Dagdag pa na mas nanaig ang takot niya sa lalaki kaya hindi niya ito mapag-isipang lubos.

Nang mga sumunod na araw ay pinilit ni Vanessa na iwasan ang lalaki. Kapag tapos na siyang maghapunan, lumalabas siya ng yungib bago pumanaog si Phillip upang kumain at magpahinga. Kapag alam niyang tulog na ito ay saka siya pumapasok ng yungib upang matulog.

Sinubukan niyang paalisin ang mga kambing sa isa pang yungib upang doon siya mamalagi, subalit naawa siya sa mga ito. Isa pa, baku-bako ang sahig ng kabilang yungib at sasakit lamang ang kanyang likod kung mahihiga siya roon.

Minsan, mas matagal bago siya nakauwi.

“Saan ka nanggaling, Vanessa? Madilim na,” bati ni Phillip pagpasok ng dalaga sa yungib. Nakaabang ito, nakasandal sa nakaharang na malaking bato.

Napatigil siya sa pagsuklay sa mahaba at alun-along buhok. Sa ginintuang liwanag ng siga, naaninag niya ang noo nitong nakakunot.

“Naligo sa dagat,” sabi ni Vanessa saka humakbang at kunwari ay ginagatungan ang siga.

Hinipo niya ang kanyang batok saka tinungo ang kabilang bahagi ng kuweba kung saan naroroon ang kanyang banig. Alam niyang sinusundan siya nito ng tingin. Manipis at hanggang hita lamang ang laylayan ng damit na yari sa halamang-tubig na suot niya. Para itong papel na ginawang damit. Namula siya nang mahinuhang tinititigan ng lalaki ang kanyang katawang naaaninag sa siga.

"Vanessa...."

Nilingon niya ang pinanggalingan ng tinig. Tumango ang lalaki, nagsasabing pumaroon siya sa kinatatayuan nito. Bahagyang nanginginig ang mga labing lumapit si Vanessa sa lalaki. Mainit ang siga ngunit nanlalamig ang dulo ng kanyang mga daliri.

Dahan-dahan, tinungo niya ang kinaroroonan nito. Dahil malayo ang kanyang distansya, ito na ang humakbang palapit sa kanya. Napalunok at napahakbang si Vanessa paatras. Inabot nito ang kanyang mga kamay upang hindi na siya muli pang humakbang palayo. Ikinulong ang mga ito sa dalawang malalaking palad at inilapit sa hubad at matigas nitong tiyan.

"Sa susunod, bago dumilim, dapat ay narito ka na."

Taas-noo niya itong tiningnan. Kung nagawa niyang magrebelde sa kagustuhan ng sariling ama na siya ang magmana ng posisyon nito bilang pinuno ng tribo, sino itong nag-uutos na pumanaog siya bago kumagat ang dilim?

"Depende."

"Anong depende? Delikado diyan. Baka kung ano'ng mangyari sa 'yo."

"I'll think about it," ani Vanessa saka tinalikuran ito.

Pabagsak siyang humiga sa malambot na banig na gawa sa ilang patong ng tangkay ng water hyacinth. Ano ang karapatan nitong sawayin siya?

Narinig niya itong bumuntong-huminga. Dinalangin niya na sana huwag na muli itong magsalita. Tumagilid siya, hinarap ang lupa at batong dingding upang hindi na nito makita ang kanyang mukha.

Patuloy na iniiwasan ni Vanessa si Phillip. Kapag nararamdaman niyang lumalapit ito, lumalayo siya o kaya ay nagtatago sa kakahuyan. Mabuti at hindi naman ito lumalayo sa dalampasigan. Hindi tulad niya, wala itong hilig ikutin ang buong pulo. Iisa lang ang pakay nito: ang makaalis kaagad sa lugar

na iyon. Parati itong nakamasid sa langit o kaya sa malawak na karagatan at nag-aabang ng posibleng search party.

Isang araw, nakita ni Vanessa na suot-suot ng lalaki ang kanyang salakot at maghapong nanguha ng panggatong. Nang mapagod, nahiga ito na nakadekuwatro ang mga paa, sa ilalim ng puno ng niyog at itinakip sa mukha ang salakot. Nagdesisyon ang dalaga na igawa na rin ito ng salakot.

Isang bagong salakot ang naghihintay kay Phillip sa paanan ng kanyang higaan nang sumunod na araw. Maghapon niyang hinanap si Vanessa upang kausapin ito at magpasalamat, subalit ni anino nito ay hindi niya mahagilap. Mailap ito at tila nakapag-adjust na sa isla. Hindi tulad niya na lumaki sa lunsod at sanay sa kaginhawahan ng buhay.

# 4

Isa na namang bagyo ang dumalaw sa isla. Hindi tulad noong mga nakaraang araw, hindi na kinailangan pang maghintay si Phillip habang nagpapanggap na natutulog na, sa pagdating ni Vanessa.

Hindi pa man dumidilim ay sumilong na ang dalaga sa loob. Sabay silang naghapunan ng inihaw na manok at itlog ng pagong na nahukay ni Vanessa sa baybayin.

Pinagmasdan niya ang dalaga na nakaupo sa kabila ng siga, malayo sa kanya. Maingat ito. Parang tigreng laging handang lumundag o kumalmot oras na kumilos siya nang kakaiba.

Alam kaya ni Vanessa na malaki ang pinagbago nito sa nakaraang mga araw? Mas humaba at mas naging alun-alon ang buhok nito na malayang nakalugay. Nanatiling nangungusap ang mga mata nito, subalit mas matapang ang mga iyon at mas naging bukas, na bumagay sa hugis-puso nitong mukha. Mas humaba ang leeg ni Vanessa at dahil malaki ang nabawas na timbang, naging balingkinitan ang katawan nito.

Naiinis na si Phillip sa inaasal ng dalaga. Kapag siya ay lumalapit, kusa itong lumalayo. At kung hindi siya nagkakamali ay nayayanig ito kapag tinatawag niya. Mukha ba siyang kapatid ni *King Kong*? Ang pagkakaalam niya, ngitian lamang niya ang isang babae, kulang na lang ay ito na ang manligaw. Ilang nobya na rin ang kanyang pinaiyak kapag nakikipaghiwalay siya sa mga iyon.

Ang madalas niyang pagpapalit-palit ng nobya ang ikinababahala ng kanyang mga magulang. Ang mga ito ang gumawa ng hakbang upang matigil na ang kinasanayan niyang ito.

*"We want you to meet the woman we've chosen for you,"* naalala niyang sabi ng kanyang ama.

Kulang na lang ay magwala si Phillip sa inis at galit dahil sa pakikialam ng mga ito sa sarili niyang buhay.

Subalit may lahing Griyego siya. Kailangan niyang sundin ang utos ni Demetrius Pasakis. Patriarchial ang pamilyang Griyego. Nasusunod parati ang kagustuhan ng mga ama.

---

Mula sa magaang na pagkakaidlip, nagising si Phillip dahil sa sunud-sunod na malalakas na kulog.

Isang sibat ng kidlat ang nakita niyang gumuhit sa labas lamang ng yungib. Bumangon siya at buong lakas niyang itinulak ang malaking bato sa bunganga ng yungib upang hindi pumasok ang tubig-ulan. Nang pumihit siya pabalik sa higaan, isang napakalakas na kulog ang dumagundong sa loob.

Kasunod niyon, sumalpak sa kanya ang nanginginig na katawan ni Vanessa. Takot na takot ito at nakatakip ang mga kamay sa tainga. Lalong isinubsob nito ang mukha sa malapad niyang dibdib nang isang kulog muli ang umalingawngaw.

"It's okay... I'm here." Inalu-alo ni Phillip ang dalaga. Mahigpit niya itong niyakap upang iparamdam na ligtas sila. Habang nasa ganoong posisyon, napapapikit siya kapag palihim na hinahagkan at sinasamyo ang buhok nito na kasimbango ng hardin.

Malalim na ang gabi nang lumisan ang bagyo. Nakatulog si Vanessa sa kanyang bisig at pinilit ni Phillip ang sarili na labanan ang sensasyong nararamdaman.

---

Sinugatan ni Vanessa ng isang mahabang guhit ang sariwang puno ng kawayan malapit sa may

dalampasigan. Dalawang buwan na ang nakalipas simula nang sila ay mapadpad sa islang ito.

Hanggang kailan sila tatagal doon? Nakarating na kaya sa pulis ang balitang nawawala ang multi-millionaire na si Phillip Nicolas Pasakis at ang kasama nitong consultant? Sana ay may dumating na search party at dalhin kaagad sila sa Maynila. Sana...

"Yoohoo! Dito! Dito!"

Nagsisisigaw sa may baybayin si Phillip. Lumiwanag ang kanyang mukha nang matanaw ang puti at pulang katawan ng isang barko. Sa wakas, may dumaang barko. Natunugan na ng kanyang pamilya ang kanyang pagkawala. Bakit hindi helicopter ang pinadala ng kanyang ama gayong may koneksyon ito sa *Air Force*?

Hinintay ng binata na lumapit pa ang barko. Kulay malalim na bughaw ang watawat na lumilipad-lipad sa taas niyon. Hindi pa niya maaninag mula sa isla ang disenyo nito. Malamang cargo ship ito. Imbis na lumapit ay nagpakaliit-liit ang sasakyan. Nalaglag ang kanyang balikat.

"Damn!" Nagliparan sa paanan niya ang buhanging pinagsisisipa niya. Naupo siya sa buhangin na lulugo-lugo. Hindi niya namalayan ang

paglapit ni Vanessa.

“I saw that ship four weeks ago,” anang dalaga.

Biglang napatayo ang lalaki at hinawakan ang magkabilang balikat nito. “Ba’t ngayon mo lang sinabi sa akin?”

“May sakit ka noon,” pagdadahilan ni Vanessa.

“Eksakto bang apat na linggo?” paniniyak niya.

Tumango si Vanessa at hinila ang lalaki patungo sa mga puno ng kawayan.

“Noong bandang bagong buwan, nakita ko ito,” paliwanag ni Vanessa habang itinuturo ang payak na markahan ng mga araw.

“Yes! Yes! I love you!” sigaw ni Phillip, sabay karga sa dalaga at nagpaikut-ikot sa buhanginan. “Sa susunod na bagong buwan, iikot ulit ito. I’m sure it’s a coast guard of a nearby place.”

---

Nang mga sumunod na araw, naging abala na si Phillip sa paghahanap ng matatalim na bato.

“Pamputol ng kawayan,” paliwanag nito kay Vanessa. Tumango lang ang dalaga.

"Samahan mo akong maghanap ng malalaking kawayan," yaya ng binata at inilarawan nito ang balak gawing balsa.

"Takot ka ba sa malakas na kulog?" mayamaya ay tanong ni Phillip habang naglalakad sila sa buhanginan. Tumango ang ulo ni Vanessa sa ilalim ng salakot. Nanariwa sa kanyang alaala ang gabing may unos, labindalawang taon na ang nakararaan. Bumabagyo noon nang masaksihan niya ang kanyang kuya na binaril ng mga pirata. Ang pinakamamahal na kapatid niya sana ang magiging pinuno ng kanilang tribo. Naalala rin niya ang gabing siya ay iniwang mag-isa ng kanyang ama sa bundok at biglang umulan at kumulog. Initiation rites daw iyon.

Hindi na mapigilan ni Vanessa ang luhang dumaloy sa kanyang pisngi. Binilisan niya ang paglakad habang sinisinok. Ayaw niyan makita iyon ni Phillip at baka sabihin nitong nagsisintir siya.

"Vanessa, sandali! Vanessa!?" Naabutan ni Phillip ang dalaga. Hinawakan nito ang kanyang balikat. "May sinabi ba akong masama?"

"H-ha? W-wala, Sir."

"Phillip, okay?"

“Yes, Sir.”

“Phillip,” giit nito. “Puwede ko bang malaman kung ba’t ka umiiyak?”

“Hindi, Sir.”

“Phillip,” pagtatama nito. “Me, Phillip; you, Vanessa,” anito sabay turo sa sariling dibdib at sa dibdib niya.

Ngumiti si Vanessa at pinunasan ang luhang nangingilid sa kanyang mga mata.

“Bakit ka takot sa kulog?” seryosong tanong nito Phillip.

Hindi umimik ang dalaga.

“Eh, sa akin, takot ka ba?”

“Why would I be scared of you?”

“Malay ko.” Nagkibit-balikat ito. “Kamukha ko ba si *King Kong*?”

Nangiti lang muli si Vanessa. Gumaan ang loob niya sa pagpapatawa ng binata.

Nagpatuloy sila sa paglalakad sa kakahuyan sa paghahanap ng mga kawayang gagamitin sa pagbuo ng balsa.

"Imposible ito," mayamaya ay sabi ni Phillip. Naiiling ito habang tinitingnan ang tatlong puno ng malalaking kawayan na kanilang naputol. Banat na banat ang kalamnan nito sa mabigat na trabaho. Namumula na rin ang mga kamay nito at mayroon pang masasakit na paltos. Wala kasi silang ibang kagamitan kundi matatalim na tinapyas na bato at ang may kaliitang balisong ni Vanessa.

"Ilang puno ng kawayan ang kailangan para sa isang balsa?" tanong nito kay Vanessa.

"Dalawampu't apat."

"Twenty-four?" di-makapaniwalang sambit ng lalaki.

"Iyan ang nakikita ko kapag gumagawa ang aking ama at kuya."

"Puwede bang labindalawa na lang? Dalawa lang naman tayo," hirit ni Phillip.

"Masyadong manipis. Lalamunin ka ng dagat."

"Twenty-four..." Tiningnan ni Phillip ang sugatan niyang mga kamay. Sinundan niya ng tingin ang dalaga habang sinisimulan nitong hilahin ang higanteng kawayan. Kapag inuunat nito ang buong katawan, hindi niya maiwasang titigan ang dalawang

umbok sa ibaba ng naka-arkong likod nito. Gusto niya itong gawaran ng isang mapaglarong palo sa puwitan.

"O, saan mo dadalhin 'yan?" usisa ng binata.

"Diyan." Itinuro ng dalaga ang tide pool. Malalim at malawak ang ukab na gawa mismo ng dagat sa buhangin na mayroon pang naiwang tubig-alat.

"Ibababad mo sa tubig? Eh, di mabubulok "yan."

Tiningnan siya ni Vanessa na nais matawa.

"Para maasinan sa loob at tumibay. Sa tubig din naman sila gagamitin," sabi ng dalaga.

"Oh yeah. You got me there," sabi ni Phillip, sabay tampal sa noo. "Are you a ship builder or something?"

"My people are good raft builders," may pagmamalaking sabi ni Vanessa.

"Your people? You belong to a...." Umawang ang bibig ni Phillip.

"Tribe," pagtatapos ni Vanessa. "Sa isla ako lumaki."

"That explains everything. Kaya ka pala survivor ka dito," ani Phillip. "So tell me about your life,

Vanessa."

Hindi sumagot ang dalaga. Sa halip, tumalikod ito at tinungo ang masukal na bahagi ng isla.

Nang gabing iyon, madaling nakatulog si Vanessa dahil sa pagod. Subalit si Phillip ay naiwang gising. Nanatili siyang nakaupo sa higaan habang pinagmamasdan ang natutulog nang kasama. Maraming katanungan ang umiikut-ikot sa kanyang isipan.